

Pahayag ng mga karapatan

para sa mga pasyenteng di-boluntaryo

Mga daluyan sa paghain ng alalahanin at reklamo

Ang mga pasyente ay may ilang mga magagamit na daluyan kung saan maihahain nila ang kani-kanilang mga alalahanin at reklamo. Ang mga pamamaraang ito ay nagbibigay-daan upang matugunan ang mga indibidwal na alalahanin at makatulong na din sa pagpapabuti ng sistema para sa lahat ng mga gumagamit. Kabilang sa mga daluyan ang:

Mga Sistema sa Pagreklamo sa Serbisyong Pangkalusugan (Health Service Complaints Systems)

Kung ikaw ay hindi nasisiyahan tungkol sa kahit anong aspeto ng pangangalaga sa iyo, hindi ka dapat mag-atubiling talakayin ito sa (mga) manggagamot mo. Hindi ka daranas ng diskriminasyon o bibiktimahin kung ikaw ay magreklamo.

Kung hindi ka nasisiyahan sa tugon, makipag-ugnay sa isang Health Service Complaint Officer. Kung patuloy na hindi nalutas ang bagay na iyon, maaari kang makipag-ugnay sa iyong Distrito ng Serbisyong Pangkalusugan (Health Service District). Para sa impormasyon ukol sa kung paano makakaugnay Health Service Complaints Officer o ang Health Service District, kausapin ang isang kawani ng serbisyong pangkalusugan.

Komisyong para sa Kalidad ng at Mga Reklamo sa Kalusugan (Health Quality and Complaints Commission)

Ang Health Quality and Complaints Commission ay nakabukod sa sistema ng serbisyong pangkalusugan. Ang isa sa mga papel na ginagampanan nito ay ang kaharapin ang mga reklamo ukol sa serbisyong pangkalusugan. Sa ilang mga pagkakataon, maaari kang hikayat ng Komisyong na gamitin ang sistema ng pagreklamo sa serbisyong pangkalusugan sa unang pagkakataon. Ang Health Quality and Complaints Commission ay maaaring maka-ugnay sa numerong 3234 0272 (lokal na tawag) o sa 1800 077 308 (labas ng Brisbane).

Mga Bisita ng Pamayanan (Community Visitors)

Ang lahat ng mga pasyente na nakakatanggap ng kanilang panggamot sa isang inpatient na pasilidad para sa kalusugang pangkaisipan ay makakapaghain ng kanilang mga alalahanin sa isang bisita ng pamayanan. Ang mga bisita ng pamayanan ay nakabukod sa sistema ng serbisyong pangkalusugan at regular nilang binibisita ang mga inpatient na pasilidad. Kung nais mong makausap ang isang bisita ng pamayanan, tanungin ang isang kawani ng serbisyong pangkalusugan o makipag-ugnay sa Community Visitors Program sa numerong 3406 7711 (lokal na tawag) o sa 1300 302 711 (sa labas ng Brisbane).

Direktor ng Kalusugang Pangkaisipan (Director of Mental Health)

Ang Director of Mental Health ang may pananagutan na tiyakin na ang Mental Health Act 2000 ay nailalapat nang maayos. Kung sa paniniwala mo ay hindi nailalapat nang maayos ang Act o kung ang iyong mga karapatan ay nabale-wala, maaari kang maghain ng reklamo sa Director of Mental Health. Para sa dagdag impormasyon, kausapin ang isang kawani ng serbisyong pangkalusugan o makipag-ugnay sa Mental Health Act Liaison Officer sa numerong 1800 989 451 (toll free).

Pahayag ng mga karapatan para sa mga pasyenteng di-boluntaryo

Ang Mental Health Act 2000 ay nag-aatas para sa:

- ⦿ di-boluntaryong pagtatasa at panggagamot ng mga tao na may karamdamang pangkaisipan at
- ⦿ pagprotekta ng kani-kanilang mga karapatan habang nakakatanggap ng di-boluntaryong pagtatasa at panggagamot.

Ang Mental Health Act 2000 ay tumatakbo nang kaakibat ang iba pang mga batas at patakaran na pumoprotekta din sa mga indibidwal na interes at karapatan.

Ang pahayag na ito ay naglalagat ng mahahalagang impormasyon para sa iyo bilang isang tao na nakakatanggap ng di-boluntaryong pagtatasa o panggagamot. Naglalayon din itong maintindihan mo ang:

- ⦿ iyong mga karapat-dapat na makuha at kung ano ang maaasahan mong makuha bilang isang di-boluntaryong pasyente at
- ⦿ kung ano ang magagawa mo kung hindi ka nasisiyahan tungkol sa iyong katayuan bilang di-boluntaryo o sa mga serbisyong iyong natatanggap.

Pangkalahatan

Bilang isang di-boluntaryong pasyente, maaari mong asahan na:

- ⦿ tatratuhin ka nang may dignidad at respeto sa lahat ng oras
- ⦿ bibigyang-turing at respektuhin ang iyong relihiyon at pinagmulang kultura
- ⦿ tatratuhin ka sa isang paraan na gumagalang sa iyong privacy
- ⦿ pananatiliing lihim ang iyong personal na impormasyong
- ⦿ makakatanggap ka ng impormasyon sa isang anyo at wika na ikaw ang nauunawaan mo nang pinakamaigi
- ⦿ makakatanggap ka ng tulong na kinakailangan mo upang makapagsagawa ng komunikasyon sa mabisang paraan, kabilang ang tulong mula sa isang tagasalin-bigkas.

Pinakakaunting pagpigil sa kalayaan at mga karapatan

Ang mga pasyang isinasagawa sa ilalim ng Act ay maaaring makaapekto sa kalayaan at mga karapatan ng isang tao.

Ang mga pasya na ito ay maisasagawa lamang kung wala nang ibang mas hindi mapagpigil na paraan upang maprotektahan ang iyong kalusugan o kaligtasan, o ang kaligtasan ng ibang tao.

Kapag ang iyong kalayaan at mga karapatan ay pinigilan, ito ay dapat na gawin sa pinakamababang antas hangga't maaari, batay sa mga sitwasyon. Maaasahan mo na ipaliliwanag sa iyo ang mga dahilan para sa anumang pagpigil.

Impormasyon sa katayuan na pagiging di-boluntaryo

Bilang isang pasyenteng di-boluntaryo ay maaari mong asahan na ganap kang maaabisuhan tungkol sa iyong katayuan na pagiging di-boluntaryo.

Kabilang dito ang maabisuhan ka:

- ⦿ kapag may isasagawang isang pasya upang ilapat, baguhin o itigil ang isang katayuan na pagiging di-boluntaryo
- ⦿ mga kadahilanan kung bakit ginawa ang pagpapasya
- ⦿ kung paano ka maaapektuhan ng pasya at
- ⦿ kung ano ang magagawa mo kung hindi ka nasisiyahan tungkol sa pasya.

Panggagamot para sa kalusugang pangkaisipan

Kung may isinagawang utos para sa di-boluntaryong panggagamot o di kaya'y isang forensic order para sa isang tao, ang tao ay maaaring magamot para sa karamdamang pangkaisipan nang walang pahintulot mula sa kanila.

Bilang isang pasyenteng nakakatanggap ng di-boluntaryong panggagamot, maaasahan mo na:

- ⦿ ang panggagamot ay ibibigay nang alinsunod sa isang nakatalang plano sa panggagamot
- ⦿ magkakaroon ng regular na pagtatasa na isasagawa ng isang awtorisadong psychiatrist (ibig sabihin, ayon sa mga agwat na tinukoy sa plano sa panggagamot)
- ⦿ makakatanggap ka ng impormasyon tungkol:
 - sa iyong karamdaman
 - sa mga magagamit na kahaliling panggagamot at
 - sa mga benepisyo at peligrong kaugnay sa mga panggagamot na ito
- ⦿ makakalahok ka (hangga't maaari) sa mga pagpapasya tungkol sa iyong panggagamot sa kalusugang pangkaisipan, kabilang ang pagbuo ng iyong plano sa panggagamot.

Kaanib na tao

Bilang isang di-boluntaryong pasyente, may karapatan kang magkaroon ng isang kaanib na tao na tutulong sa iyo na maisulong ang iyong mga pananaw at kagustuhan tungkol sa iyong panggagamot at katayuan na pagiging di-boluntaryo.

May karapatan kang piliin ang iyong sariling kaanib na tao (halimbawa, isang pinagtitiwalaang kamag-anak o kaibigan) o, kung hindi ka makagawa ng pagpapasyang ito, ay may pipiliing kaanib na tao para sa iyo.

Independenteng pagrepaso ng katayuan na pagiging di-boluntaryo

Ang Mental Health Review Tribunal ay itinatag upang magdulot ng independenteng pagrepaso ng mga tao na ginagamot sa ilalim ng mga utos para sa di-boluntaryong paggamot at mga forensic order.

Kung may isinagawang isang utos para sa di-boluntaryong paggamot o di kaya'y isang forensic order para sa iyo, ang iyong kaso ay awtomatikong rerepasuhin ng Tribunal nang regular. Hinihikayat kang dumalo sa Tribunal upang maihayag mo ang iyong mga pananaw tungkol sa iyong katayuan na pagiging di-boluntaryo.

May karapatan ka din na:

- ⦿ maghain ng isang application para sa pagrepaso ng Tribunal o magkaroon ng ibang taong makakapaghain ng application sa ngalan mo
- ⦿ magbigay ng nakasulat na impormasyon sa Tribunal upang masuportahan ang iyong kaso
- ⦿ matulungan ng iyong kaanib na tao, abogado o tagasulong sa isang pagdinig ng Tribuna
- ⦿ ma-access ang lahat ng impormasyon na bibigyang-turing ng Tribunal sa pagpapasya sa iyong kaso (maliban sa ilang mga lubhang bibihirang sitwasyon, kung saan ay maaaring hindi magbunyag ang Tribunal ng impormasyon sanhi ng kadahilanang pang-kaligtasan)
- ⦿ i-apela ang pasya ng Tribunal sa Mental Health Court.

Pangkalahatang pangangalagang pangkaisipan at iba pang mga pasya

Ang mga pasya tungkol sa iba pang mga aspeto ng pangangalaga ng kalusugan, mga usapin sa pera at mga personal na bagay ay hindi apektado ng katayuan na pagiging di-boluntaryo ng isang tao alinsunod sa Mental Health Act 2000.

Ikaw ay may karapatan na ipagpatuloy ang pagpapasya tungkol sa iyong pera at personal na buhay at pati na din tungkol sa iyong pangkalahatang pangangalaga ng kalusugan. Kabilang dito ang tanggihan ang iba pang mga medikal na panggagamot.

Kung wala kang kakayahan na makapagsagawa ng mga pagpapasyang ito, may karapatan kang makakuha ng mga proteksyon na ibinibigay sa ilalim ng Guardianship and Administration Act 2000. Ang Act na ito ay nag-aatas kung sino ang makapagsagawa ng mga pagpapasyang ito sa ngalan mo.

Access sa mga propesyonal sa kalusugan at mga tagapayo sa batas

Bilang isang pasyenteng di-boluntaryo, may karapatan kang bisitahin ng iyong sariling propesyonal sa kalusugan o tagapayo sa batas sa anumang makatuwirang oras.